

**Isang Maikling Gabay sa Mga Patakaran sa Pag-tatrabaho
(sa Industriya) ng Mga Menor-de-Edad**



**Sangay ng Pagsisiyasat sa Paggawa
Kagawaran ng Paggawa
Hong Kong**

Mga Nilalaman

	Pahina
Panimula	1
Kahulugan ng Menor-de-Edad	1
Pagpapairal sa Patakaran.....	1
Mga pinagbabawal sa panahon ng pag-tatrabaho;..... mga oras ng pagtatrabaho; at mga araw ng pagtatrabaho	2
Pagtatrabaho na lampas sa takdang oras o overtime.....	2
Paglagay ng abiso hinggil sa takdang oras ng pagtatrabaho,..... pamamahinga o pagkain at mga araw ng pahinga	3
Panahon ng pag-tatrabaho at mga pagitan na pamamahinga	3
Mga araw ng pahinga	4
Rehistro ng mga menor-de-edad.....	4
Mga di-pangkaraniwang permiso at di saklaw ng batas.....	4
Pagtatrabaho sa lugar na nasa ilalim ng lupa.....	5
Mga delikadong kalakalan	5
Pagbubuhat ng mabigat na dalahin.....	5
Mga kasangkapan upang maka-upo	5
Kapangyarihan ng mga Inspektor ng Paggawa	6
Paglabag sa kautusan at pagmumulta	6
Karagdagang proteksiyon sa pagtatrabaho ng mga menor de edad.....	6
Mga katanungan at pagsampa ng reklamo.....	6

Panimula

Ang mga patakaran sa pag-tatrabaho (sa industriya) ng mga menor-de-edad, na isinagawa sa ilalim ng Kautusan ng Paggawa (Kap. 57), ang nangangasiwa ng pagtatrabaho at pangkalahatang kondisyon sa pag-empleo ng mga menor-de-edad sa industriya.

Ang gabay na ito ay nagbabalangkas sa mga punong probisyon ng Kautusan upang makatulong sa mga maypatrabaho na maintindihan ang kanilang mga obligasyon ayon sa batas, at malaman ng mga menor-de-edad ang kanilang mga karapatan ayon sa batas, kaugnay sa pangkalahatang kalagayan sa pag-tatrabaho ng mga menor-de-edad sa industriya. Gayunpaman, dapat tandaan na ang Kautusan lamang ang mananatili na tanging gabay para sa pagsasalin ng mga probisyon nito.

Kahulugan ng Menor-de-Edad

Ayon sa Kautusan ng Paggawa, ang “menor-de-edad” ay tumutukoy sa mga taong mula 15 hanggang 17 taong gulang lamang.

Pagpapairal sa Patakaran

Ang Mga Patakaran sa Pag-tatrabaho (sa industriya) ng Mga Menor-de-Edad ay sumasaklaw sa lahat ng mga menor-de-edad na binigyan ng trabaho sa mga pang-industriyang mga gawain, maliban sa mga sumusunod:

- (a) sa isang hindi pang-industriya na sektor;
- (b) sa anumang pang-industriya na gawain bilang kawani o tagapamahala o sa anumang katungkulan na pangkalusugan o pangkabutihan na may kaugnayan sa ganitong pang-industriya na gawain;
- (c) bilang taga-linis lamang sa mga lugar na pang-industriya, maliban kung kasama ang paglilinis ng mga makina o mga kagamitan na gamit sa paggawa ng produkto;
- (d) bilang isang katiwala sa isang pang-industriya na gawain; at
- (e) sa paghanda ng pagkain na kakainin o ipagbebenta sa lugar kung saan ito ginagawa.

Mga pinagbabawal sa panahon ng pag-tatrabaho; oras at araw ng pagtatrabaho

Pinakamahabang panahon ng pag-tatrabaho sa loob ng isang araw	10 oras (sa pagitan ng 7 ng umaga at 7 ng gabi lamang)
Pinakamahabang oras ng trabaho sa isang araw	8 oras
Pinakamahabang oras ng trabaho sa isang linggo	48 oras
Pinakamaraming araw ng trabaho sa isang linggo	6 araw
Pinakamahabang panahon ng walang hinto na pagtatrabaho	5 oras, kasunod ng isang pagitan na hindi bababa sa kalahating oras para sa pagkain o pamamahinga

Mga Tala: “Panahon ng pagtatrabaho” ay nangangahulugan na panahon, na kinapapalooban ng oras na may pahintulot para sa pagkain at pagmamahinga, kung saan ang mga tao ay may trabaho sa alin mang araw

“Mga Oras ng Pagtatrabaho” ay nangangahulugan na oras kung saan ang mga taong may trabaho ay nasa ilalim ng pag-uutos ng amo, hindi kasama dito ang mga pagitan na may pahintulot para sa pagkain at pagmamahinga.

“Linggo” ay nangangahulugan na panahon sa pagitan ng hatinggabi ng Sabado at hatinggabi ng kasunod na araw ng Sabado.

Ayon sa kasunduan sa pagitan ng amo at ng menor-de-edad na kinuha para magtrabaho, ang mga oras ng pagtatrabaho ng menor-de-edad ay maaaring lumampas sa 8 oras sa isang araw o 48 oras sa isang lingo, sa kondisyon na ang kabuuan na mga oras ng trabaho na ginawa ng menor-de-edad ay hindi lalagpas sa 96 na oras sa alinmang magkasunod na linggo. Gayon pa man, ang pinakamahabang panahon ng pagtatrabaho sa loob ng isang araw ay mananatili na 10 oras.

Pagtatrabaho na lampas sa takdang oras o overtime

Ang isang amo ay di maaaring magpatrabaho ng overtime sa sinumang menor-de-edad sa isang pang-industriya na gawain.

Paglagay ng abiso hinggil sa takdang oras ng pagtatrabaho, pamamahinga o pagkain at mga araw ng pahinga

Sa ilalim ng Mga Patakaran sa Pag-tatrabaho (sa industriya) ng mga Menor-de-Edad na Tao, ang pinahintulatang oras ng pagtatrabaho, ang mga pagitan para sa pagkain at pamamahinga, at ang pag-aayos ng mga araw ng pahinga para sa mga menor-de-edad na nagtatrabaho sa isang pang-industriya na gawain ay kinakailangang itakda ng amo, at ilahad sa isang “Abiso hinggil sa May Pahintulot na Oras ng Pagtatrabaho” (Pormularyo LD334). Ang abisong ito, na pinirmahan ng amo o ng kanyang inatasan na kinatawan at sinaksihan ng isang Inspektor sa Paggawa ng Kagawaran ng Paggawa, ay dapat na nakapaskil at madaling matunghayan.

Panahon ng pag-tatrabaho at mga pagitan na pamamahinga

Ang panahon ng pag-tatrabaho at ang mga pagitan ng pamamahinga na itinakda para sa mga menor-de-edad nag nagtatrabaho sa isang pang-industriya na Gawain ay kinakailangang magkakatulad, maliban lamang kung may nakasulat na pahintulot ng Tagapamahala ng Paggawa.

Walang pagbabago ang maaaring gawin sa panahon ng pag-tatrabaho o mga pagitan para sa pagkain o pamamahinga maliban lamang kung mayroong nasusulat na paunang abiso na ibinigay sa Tagapamahala 48 oras bago isagawa ang iminungkahi na pagbabago, at maayos na tinapos at ipinaskil ang panibagong “Abiso hinggil sa May Pahintulot na Oras ng Pagtatrabaho.” Ang pagbabagong ito ay hindi maaaring isagawa ng higit sa isang beses bawa’t tatlong buwan maliban lamang kung mayroong nakasulat na pag-sangayon dito na galing sa Komisyonado.

Ang mga menor-de-edad ay hindi maaaring pagtrabahuhin sa isang pang-industriya na gawain sa mga oras na nakalaan para sa pagkain o pamamahinga ayon sa nakatala sa Abiso.

Mga araw ng pahinga

Ang mga menor-de-edad na nagtatrabaho sa isang pang-industriya na gawain ay bibigyan ng isang araw na pahinga sa isang linggo. Kung ang araw ng pahinga ay hindi magkatulad sa bawa't menor-de-edad, ang naturang araw ng pahinga ay dapat na malinaw na nakatakda sa 'Rehistro ng Mga Menor-de-Edad'. Ang pagtatrabaho sa araw ng pahinga ay mahigpit na ipinagbabawal.

Ang araw ng pahinga ay hindi dapat baguhin maliban lamang kung ang amo ay nagbigay sa Tagapamahala para sa Paggawa ng isang "Abiso sa Pagbabago ng Araw ng Pahinga" (Pormularyo LD339) ng kanyang intensiyon na gumawa ng naturang pagbabago 48 oras bago ito pasimulan na gawin. Ang pagbabagong ito ay hindi maaaring gawin ng higit pa sa isang beses bawa't buwan, maliban lamang kung ito ay sinang-ayunan sa pamamagitan ng panulat ng Tagapamahala.

Rehistro ng mga menor-de-edad

Ang isang 'Rehistro ng Mga Menor-de-edad' (Pormularyo LD338) hinggil sa lahat ng mga menor-de-edad na nagtatrabaho sa isang pang-industriya na gawain ay dapat na maayos na panatilihin at maaaring makita para sa pagsisiyasat kapag hiniling ng mga Inspektor sa Paggawa. Ang mga pormularyong ay kinakailangang itago sa isang pagkakabigkis na may pabalat (Pormularyo LD338A).

Gayon pa man, kung ang lahat ng mga menor-de-edad na nagtatrabaho sa isang pang-industriya na gawain ay magkakatulad ang lingguhan na araw ng pahinga at panahon ng pag-tatrabaho, ang kanilang amo ay hindi na kinakailangang magtago ng Rehistro.

Mga di-pangkaraniwang permiso at iksemsyon

Ang Tagapamahala para sa Paggawa ay binigyan ng kapangyarihan sa ilalim ng Kautusan ng Paggawa na magbigay ng mga di-pangkaraniwang permiso o mga iksemsyon mula sa alinmang probisyon na nangangalaga sa pag-tatrabaho ng mga menor-de-edad sa anumang pang-industriya na Gawain, ayon sa panahon at batayan na nararapat sangayon sa kanyang pananaw.

Halimbawa, kung ang isang amo ay naghain ng kahilingan para sa isang di-pangkaraniwang permiso para mag-empleo ng mga menor-de-edad na nasa edad na 16 o higit pa, sa isang panukala ng pag-rerelebo sa trabaho sa pagitan ng ika-7 at ika-11 ng gabi, kailangang maglaan ng isang angkop na kuwarto ang amo kung saan walang pang-industriya na trabaho ang isasagawa, at may sulat ng pag-sangayon mula sa Tagapamahala. Ang kuwartong ito ay kinakailangang may mga kasangkapan para sa mga menor-de-edad na nagtatrabaho sa panahon ng iba't-ibang relyebo, na magagamit nila upang makakain at makapag-pahinga.

Pagtatrabaho sa lugar na nasa ilalim ng lupa

Walang menor-de-edad ang bibigyan ng trabaho sa mga lugar na nasa ilalim ng lupa, tulad ng minahan o tibagan ng mga bato o sa alinman na pang-industriya na gawain na may kinalaman sa operasyon ng paggawa ng daanan sa ilalim ng lupa.

Mga delikadong kalakalan

Walang mga menor-de-edad ang maaaring pagtrabahuhin sa delikadong mga kalakalan. Ang mga delikadong kalakalan, ayon sa Kautusan Para sa Mga Pagawaan at Mga Pang-industriya na Gawain (Kap. 59), ay kinabibilangan ng mga sumusunod na gawain: pagtatapyas ng pakuluan; paggawa ng kristal galing sa mga hilaw na sangkap; mga pamamaraan ng paggawa na kinasasangkutan ng paggamit ng 'arsenic, lead, manganese, mercury' at 'phosphorous'; paggawa ng matinkad na pula na kemikal; pagtubog ng 'Chromium'; paggamit ng makina o pagdurog ng 'celluloid' o 'magnesium'; at paggawa ng 'hydrochloric, nitric' at 'sulphuric' na mga asido at iba pa.

Pagbubuhat ng mabigat na dalahin

Walang menor-de-edad ang pagtrabahuhin sa isang pang-industriya na gawain para magbuhat ng anumang karga na sobra ang bigat, ayon sa kanilang edad at pangangatawan. Ang isang menor-de-edad na wala pang 15 taong gulang ay hindi dapat payagan na magbuhat ng anumang karga na hihigit sa 18 kilo ang bigat.

Mga kasangkapan upang maka-upo

Ang mga angkop na mga gamit para sa pag-upo ay kailangang ibigay para sa paggamit ng lahat ng mga menor-de-edad na ang trabaho ay ginagawa ng nakatayo, upang sila ay may pagkakataong makapag-pahinga sa panahon ng kanilang pagtatrabaho.

Kapangyarihan ng mga Inspektor ng Paggawa

Ang mga Inspektor ng Paggawa ay binigyan ng karapatan sa ilalim ng seksiyon 72(1)(a) ng Kautusan sa Paggawa na magsagawa ng mga pag-dalaw sa lahat ng makatwirang panahon, sa araw man at gabi, sa mga pang-industriyang gawain upang masiguro na nasusunod ang mga oras ng pagtatrabaho, mga pagitan para sa pagkain o pamamahinga, mga araw ng pahinga, at iba pang mga bagay na may kinalaman sa pagtatrabaho ng mga menor-de-edad doon ay nasusunod ayon sa Mga Patakaran sa Pag-tatrabaho (sa Industriya) ng Mga Menor-de-Edad.

Sila ay binigyan ng kapangyarihan sa ilalim ng seksiyon 72(1)(b) at (c) ng Kautusan sa Paggawa na magsagawa ng ganitong mga pagsisiyasat at pagtatanong na naayon sa pangangailangan, upang makatiyak na ang mga itinakda ng Mga Patakaran ay nasusunod; humiling na mapakitaan ng anumang dokumentong kaugnay sa Mga Patakaran at kunin ang anumang bagay na maaaring magsilbing katibayan sa isang pagkakasala laban sa Mga Patakaran. Ang sinumang hindi sumunod sa mga utos na ibinigay ng isang Inspektor ng Paggawa sa ilalim ng seksiyon 72(1)(a), (b), o (c) ng Kautusan sa Paggawa ay maaaring managot sa paglabag nito at maaaring mapatawan ng multa na hindi hihigit sa \$100,000 at pagkakabilanggo ng 1 taon.

Paglabag sa kautusan at pagmumulta

Ang sinumang sumuway sa anumang probisyon ng Mga Patakaran sa Pag-tatrabaho (sa Industriya) ng Mga Menor de Edad ay maaaring managot sa paglabag nito at maaring mapatawan ng pinakamataas na multa mula \$10,000 hanggang \$50,000 kapag napatunayang nagkasala.

Karagdagang proteksiyon sa pagtatrabaho ng mga menor de edad

Ang mga probisyon sa ilalim ng Kautusan sa Paggawa ay maaaring gamitin para sa mga menor-de-edad na nagtatrabaho sa industriya, kung ito ay naaangkop.

Mga katanungan at pagsampa ng reklamo

Ang mga katanungan kaugnay sa Mga Kautusan sa Pag-tatrabaho (sa Industriya) ng Mga Menor-de-Edad ay maaaring gawin sa Hotline Para sa Pagtatanong sa numero 2717 1771 (ang Hotline ay hawak ng “1823 Call Centre”), o bumisita sa Kagawaran ng Paggawa sa internet na <http://www.labour.gov.hk>.

Ang mga sumbong ay maaaring gawin sa pamamagitan ng 24-oras na Hotline Para sa Pagsumbong sa numero 2815 2200 o sa Punong Tanggulan ng Sangay ng Pagsisiyasat sa Paggawa, Kagawaran ng Paggawa sa 17/F Harbour Building, 38 Pier Road, Central, Hong Kong. Ang lahat ng mga sumbong ay bibigyan ng pansin ng may mahigpit na pagtitiwala.